| Aralin 7 | الدرس السابع |
|---|---|

# Ang Tayammum

Ipinahihintulot ang tayammum sa isang di-naglalakbay at sa musáfir (naglalakbay). Pamalit ito sa wuḏú’ o ghusl kapag ang isa man lamang sa mga sumusunod na kadahilanan ay lumitaw:

- Kapag walang makitang tubig matapos ang masusing pag-hahanap o kung mayroon man ay hindi sapat para sa wuḏú’ o ghusl o bagaman malapit ang pinagkukunan ng tubig ay nangangambang baka may masamang mangyari sa sarili o sa ari-arian kapag umalis at kumuha ng tubig;
- Kapag may sugat ang bahagi ng katawan na kailangan ng wuḏú’ o ghusl, ito ay huhugasan pa rin ng tubig. Subalit kung ang paghuhugas ng tubig sa sugat ay makasasama, papahiran na lamang ang sugat: babasain ang kamay at hahaplusin nito ang sugat. Kung ang pagpapahid ay maka-sasama pa rin, magsasagawa na ng tayammum para rito. Magsasagawa muna ng wuḏú’—huhugasan ang maaaring hugasan—at ang bahagi na hindi maaaring hugasan o pahi-ran ay hahayaan at pagkatapos ng wuḏú’ ay magsasagawa ng tayammum;
- Kapag ang tubig o ang klima ay lubhang malamig at nanga-ngambang ang paggamit ng tubig ay baka makapinsala;
- Kung may tubig man ngunit ito ay lubhang kailangan para sa inumin, maaari na ang tayammum.

## Ang Pagsasagawa ng Tayammum

1. Isapuso ang hangaring magsasagawa ng tayammum.
2. Bigkasin ang ***bismi -lláh***.
3. Itapik nang isang beses ang mga palad sa tuyong lupa.
4. Ihaplos nang isang beses ang mga palad sa mukha.
5. Ihaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at ihaplos ng kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses.

Ang nakasisira sa tayammum ay ang nakasisira rin sa wuḏú’. Nawawala ang bisa ng tayammum kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng wuḏú’ at ghusl ay nawala.